Cardinal Joseph William Tobin, C.Ss.R.
By the Grace of God and the Favor of the Apostolic See
Archbishop of Newark

# "GIFTED TO GIVE"

## Ang ika-500 Anibersaryo ng Pagdating ng Kristiyanismo sa Pilipinas

Spring 2021

Mga minamahal na kapatid kay Kristo,

Malugod kong binabati ang mga pari at lahat ng mga manampalatayang Filipino dito sa Arkidiyosesis ng Newark sa inyong pagdiriwang ng ika-500 Anibersaryo ng Kristiyanismo sa bansang Pilipinas. Kaisa ninyo ang Arkidiyosesis sa paggunita at pagpapasalamat sa mapagpalang pagdating ni Fernando Magallanes sa isa sa inyong mga isla noong taong 1521. Lalo't higit, sa unang Banal na Misa na idinaos ni Fray Pedro de Valderrama, OSA, sa Araw ng Pasko ng Pagkabuhay noong ika-31 ng Marso, 1521.

Sa loob ng 500 daang taon, tinaglay ng bawat Filipino ang handog na hiyas ng Kristiyanong pananampalataya. Ang bawat binhi nito ay pasimulang ipinunla ng mga Kastilang Misyonero na dagling umugit sa kamalayan at kaluluwa ng inyong mga ninuno. Magpahanggang ngayon, ang pananalig na ito ang siyang nagbibigay buhay sa natatanging bansang Katoliko sa Asya. Sa hapag ng Eukaristiya naka-ugat ang inyong kasiglahan at kagiliwan sa pagpapahayag at pagsasabuhay ng Mabuting Balita. Buo at matibay ang inyong loob sa pagharap sa hirap, sakit at tiisin ng buhay.

Limang daang taong biyaya, jubileong nabuo mula iba't-ibang henerasyon na mga obispo, pari, relihiyoso at laiko. Tanging mapagmahal na Diyos, gumabay at umagapay sa Filipino sa kanyang pagtahak sa landas ng kabutihan at kabanalan.

"Gifted to Give" ang tema ng pagdiriwang na ito. Isang muling panawagan para sa Misyon. Ito ay nakabatay sa pahayag ni Kristo ayon kay San Mateo 10:8 - "Kaloob ninyong tinanggap, Handog ninyong ialay."

Sa homilya ng Santo Papa kasama ang mga Filipino sa Basilika ni San Pedro noong ika-14 ng Marso 2021, kanyang ipinahatid:

> "Nasaan man ang Filipino, naroon siyang naghahasik ng butil ng pananampalataya. Likas sa Filipino ang ganap at tuwirang pagkilala sa Diyos. Panatilihin ninyo ito. Ihayag sa anumang larangan ng buhay at pag-gawa. Sumaksi kahalintulad ni Maria at Jose ng may kababababaang-loob, at isulong ang payak, masinop at matiyagang

paglilingkod. Ipamalas ninyo nang walang pagmamaliw ang kagalakang dulot ng Mabuting Balita."

Milyon-milyong Filipinong migrante na nasa halos 200 bansa sa buong mundong sumasaksi at nagbabahagi ng kanilang pananampalataya. Sa kanilang mga tahanan, sila ay namumuhay ng may katapatan, pag-galang, pag-unawa at pagpapatawaran. Nasasalamin higit sa kanilang mga kilos, gawa at asal ang mga aral ng Salita ng Diyos. Sa mga parokya at pamayanan kung saan sila napapabilang, sila ay aktibong gumaganap bilang kasapi ng koro, lektor, Ministro ng Eukaristia,  katekista at lingkod sa samu't saring mga gawain, programa at proyekto ng simbahan. Maging sa mga lugar na ipinagbabawal at nasusupil ang buhay-pagsamba, buong tapang at tatag nilang binubuhay ang tila namatay o natutulog na pananampalataya. Buong giting at dangal nilang ibinabahagi ang makulay na kulturang Filipino at mayamang tradisyon na hinabi ng relihiyon at kasaysayan.

Pinagpala ang ating Arkidiyosesis dahil sa libu-libong mga Filipino na lumalahok at nakiki-isa sa buhay at apostolado ng Simbahan. Gayon din sa 46 na Filipinong Pari na masigasig na naglilingkod dito sa ating mga parokya at mga ministeryo.

Pinagungunahan ng hanay ng mga Filipinong Pari sa Arkidiyosesis ng Newark ang mga pagdiriwang ng makasaysayang jubileong ito. Kalakip ng liham na ito ang talaan ng mga gawain sa kabuuang taong ito. Bukod sa 12 Jubilee Churches na itinalaga dito sa Arkidiyosesis at Diyosesis ng Paterson, matutunghayan natin ang pagdalaw sa mga simbahang ito ng mga replika ng Krus ni Magellan, Santo Niño at Birhen ng Manaoag.

Mabuhay ang Pilipinas! Nawa'y sa tulong at awa ng Panginoon maging bukas-palad pa kayong magpalaganap ng pananampalataya! Nawa'y madama rin ninyo ang pag-ampon at kalinga ng Ina ng Laging Saklolo

Lubos na bumabati sa pamamagitan ni Kristong
ating tagapagligtas,

Cardinal Joseph W. Tobin, C.Ss.R.
Arsobispo ng Newark